

## **Tingnan**

### **Mga aralin**

- 1. Itinuturo ng Bibliya ang lahat ng kailangan nating malaman para magawa natin ang lahat ng nais ng Diyos na gawin natin.**
- 2. Sinusunod natin ang Tipan ni Kristo at hindi nagdaragdag ng mga batas mula sa Lumang Tipan.**

## Aralin 3 - Pagsunod

### Isaias 55:8-9

8 Sapagkat ang aking mga pag-iisip ay hindi ninyo mga pag-iisip, ni ang inyong mga pamamaraan ay aking mga pamamaraan, sabi ng Panginoon. 9 Sapagkat kung paanong ang langit ay higit na mataas kaysa lupa, gayon ang aking mga pamamaraan ay higit na mataas kaysa inyong mga pamamaraan, at ang aking mga pag-iisip kaysa inyong mga pag-iisip.

1. Ang pag-iisip ba ng Diyos ay katulad ng mga tao?
  - A. Oo
  - B. Hindi
2. Ang pag-iisip ba ng tao ay mas mabuti kaysa sa pag-iisip ng Diyos?
  - A. Oo
  - B. Hindi



Ang mga sanggol ay walang kaalaman at karunungan na kagaya ng mga matatanda. Subalit, habang lumalaki sila, silay's natututo ng maraming bagay. Sa parehong paraan, hindi tayo ipinanganak na alam ang paraan ng Diyos. Samakatuwid, kailangan nating lumago sa ating kaalaman at pag-unawa sa kalooban ng Dios para sa atin.


**Ang mga tao ay hindi kailanman magkakaroon ng kaalaman o karunungan na taglay ng Diyos. Samakatuwid, yaong mga nakauunawa at gustong magbigay-lugod sa Diyos ay kailangan mabago ang kanilang mga pag-iisip upang tumugma sa Diyos, at sa abot ng kanilang makakaya ay gagawa ng mga bagay ayon sa mga tagubilin ng Dios**

1. B    2. B

### Jeremias 10:23

Alam ko, O Panginoon, na ang lakad ng tao ay wala sa kanyang sarili; wala sa taong lumalakad ang magtuwid ng kanyang mga hakbang.

3. Kung wala ang Diyos, maituturo ba ng tao nang tama ang kanyang sarili sa kanyang sariling paraan?  
A. Oo  
B. Hindi



3. B

Kapag tayo ay pupunta sa isang lugar na hindi pa natin napupuntahan, maaari tayong gumamit ng mapa upang pumunta sa tamang paraan.

Sa espirituwal na buhay, ang Bibliya ang ating mapa. Ito ang kailangan natin upang malaman natin tamang direksyon kung paano mamuhay ng tama sa paraan ng Diyos. Ang salita ng Diyos ay nagbibigay sa atin ng impormasyong kailangan natin para mapalugdan ang Diyos at makarating tayo dereksyong patungo sa langit.



### Mga Kawikaan 14:12

“Mayroong daan na tila matuwid sa isang tao, ngunit mga daang tungo sa kamatayan ang dulo nito.”

**Sina Nadab at Abihu na binanggit dito ay magandang halimbawa nito.**

4. Lagi bang tama ang pag-iisip ng tao?

- A. Oo
- B. Hindi

5. Maaari bang mawala ang tao dahil sa kanyang maling paraan at pag-iisip?

- A. Oo
- B. Hindi

### Levitico 10:1-2

1 Noon, sina Nadab at Abihu, na mga anak ni Aaron, ay kumuha ng kanya-kanyang suuban, at nilagyan ng apoy ang mga ito at pinatungan ng insenso. Sila'y naghandog sa harapan ng Panginoon ng ibang apoy na hindi niya iniutos sa kanila. 2 At lumabas ang apoy sa harapan ng Panginoon, nilamon sila, at namatay sila sa harapan ng Panginoon.

6. Anong uri ng apoy ang inihandog nina Nadab at Abihu?

- A. Ang apoy na iniutos ng Diyos
- B. Kakaibang apoy

7. Ano ang ginawa ng Diyos sa mga lalaking ito?


- A. Silay nasunog ng apoy
- B. Pinuri sila

8. Nagalit ba ang Diyos sa kanila dahil gumamit sila ng ibang apoy?

- A. Oo
- B. Hindi

Sinabi ng Diyos sa pari na kumuha ng apoy mula sa handog na sinusunog. Lumilitaw na ang mga lalaking ito ay nakakuha ng apoy mula sa ibang lugar. Bilang mga tao maaari nating isipin na ang apoy ay apoy at hindi mahalaga kung saan mo ito makukuha basta't ang importante ay may apos na gagamitin sa altar. Malamang tama tayo pero hindi ganoon ang iniisip ng Diyos.


**Isang aral na mapupulot dito ay kung sisimulan nating baguhin ang mga bagay sa ating pagsamba na kagaya ng ginagawa ng ibang relihiyon or iglesiang itinatag ng tao, hindi ito tatanggapin ng Diyos. Ang tunay na pagsunod sa mga bagay na gusto ng Dios ay ang eksaktong paggawa sa kalooban ng Diyos.**



4. B. 5. A. 6. B 7. A 8. A

### Mga Kawikaan 3:5-6

5 Sa Panginoon ay buong puso kang magtiwala, at huwag kang manalig sa sarili mong pang-unawa. 6 Sa lahat ng iyong mga lakad siya'y iyong kilalanin, at itutuwid niya ang iyong mga landasin.



9. Sino ba tayo para pagkatiwalaan?
  - A. Diyos
  - B. Mga tao
10. Kung tayo ay nagtitiwala sa Panginoon, tayo ba ay umaasa sa ating sariling pag-iisip?
  - A. Oo
  - B. Hindi
11. Kailan ituturo ng Diyos ang ating landas?
  - A. Kung hahanapin natin siya sa lahat ng ating paraan
  - B. Kung hahanapin natin siya sa ilan sa ating mga paraan

**Ang nangyari kay Uzza ay nagpapakita ng katotohanang ito.**

### 1 Mga Cronica 13:9-11

9 Nang sila'y dumating sa giikan ng Kidon, iniunat ni Uzah ang kanyang kamay upang hawakan ang kaban, sapagkat natisod ang mga baka. 10 At ang galit ng Panginoon ay nagningas laban kay Uzah, at siya'y kanyang sinaktan sapagkat siya'y humawak sa kaban, at doo'y namatay siya sa harapan ng Diyos. 11 Kaya't sumama ang loob ni David sapagkat nagalit ang Panginoon kay Uzah, at kanyang tinawag ang dakong iyon na Perez-uza hanggang sa araw na ito.

Nang maglaon, tiningnan ni David ang salita ng Diyos at nalaman na dapat dalhin ng mga pari ang kaban, hindi ilagav ito sa kariton.t. (15:1-12)

### 15:13-15

13 Sapagkat dahil sa hindi ninyo dinala ito nang una, ang Panginoon nating Diyos ay nagalit sa atin, sapagkat hindi natin siya hinanap ayon sa utos.” 14 Sa gayo'y ang mga pari at ang mga Levita ay nagpakabanal upang iahon ang kaban ng Panginoon, ang Diyos ng Israel. 15 At binuhat ng mga anak ng mga Levita ang kaban ng Diyos sa kanilang mga balikat sa pamamagitan ng mga pasanan, gaya ng iniutos ni Moises ayon sa salita ng Panginoon.

Sinabi sa kanila ng Diyos sa Mga Bilang 4:15 na ang sinumang humipo ng anumang banal na bagay ay mamamatay.

12. Bakit hinawakan ni Uzza ang kaban?
  - A. Gusto niyang pigilan ito sa pagkahulog sa kariton.
  - B. Gusto niyang malaman kung ano ang laman ng kaban.
13. Bakit nila inilipat ang arka sa maling paraan?
  - A. Hindi nila alam kung ano ang sinabi ng Diyos tungkol sa paraan ng paglilipat nito.
  - B. Nais nilang gumawa ng mali.
14. Bagamat mabuti ang layunin ni Uzza, pero taliwas pa rin sa utos ng Dios na huwag nilang hahawakan ang kaban, ano ang ginawa ng Diyos sa kanya?
  - A. Hindi pinansin ang kasalanan ni Uzza
  - B. Pinarusahan si Uzza gaya ng sinabi Niya sa Kanyang batas




**Hindi natin masusunod ang Diyos kung hindi natin alam kung ano ang Kanyang iniutos. Hindi pinapatawad ng Diyos ang ating kasalanan kung hindi natin alam ang Kanyang Kautusan. Isinulat niya ito para malaman natin. Sinasabi niya sa atin na magbasa at mag-aral upang hindi tayo magkasala.**

### Mga Bilang 20:7-12

7 Nagsalita ang Panginoon kay Moises, na sinasabi, 8 “Kunin mo ang tungkod at tipunin mo ang kapulungan, ikaw at ang kapatid mong si Aaron, at magsalita kayo sa bato sa harapan nila upang magbigay ito ng kanyang tubig. Sa gayon ka maglalabas ng tubig para sa kanila mula sa bato; gayon ka magbibigay ng inumin para sa kapulungan at sa kanilang mga hayop.” 9 At kinuha ni Moises ang tungkod sa harap ng Panginoon, na gaya ng iniutos sa kanya. 10 Tinipon nina Moises at Aaron ang kapulungan sa harap ng malaking bato, at kanyang sinabi sa kanila, “Makinig kayo ngayon, mga mapaghimagsik! Ikukuha ba namin kayo ng tubig sa malaking batong ito?” 11 Itinaas ni Moises ang kanyang kamay at dalawang ulit na hinampas ng kanyang tungkod ang malaking bato at ang tubig ay lumabas na sagana, at uminom ang kapulungan at ang kanilang mga hayop. 12 Sinabi ng Panginoon kina Moises at Aaron, “Sapagkat hindi kayo sumampalataya sa akin upang ipakita ang aking kabanalan sa paningin ng mga anak ni Israel, kaya't hindi ninyo dadalhin ang kapulungang ito sa lupain na aking ibinigay sa kanila.”

15. Sa mga talatang ito, ano ang sinabi ng Diyos kay Moises na gawin para lumabas ang tubig?  
A. Kausapin ang bato  
B. Tumama sa bato
16. Ano ang ginawa ni Moises upang lumabas ang tubig?  
A. Niyakap ang bato  
B. Hinampas ang bato
17. Pagkatapos hampasin ni Moises ang bato sa halip na kausapin ito, sinabi ng Diyos sa kanila na hindi sila sumunod sa Kanya?  
A. Oo  
B. Hindi
18. Pinarusahan ba ng Diyos sina Moises at Aaron sa paghampas sa bato?  
A. Oo  
B. Hindi
19. Tama bang baguhin ang sinasabi ng Diyos kung ano ang dapat nating gawin?  
A. Oo  
B. Hindi



Ang pahayag ng Diyos na si Moises ay hindi naniwala sa Kanya o nagbigay sa Kanya ng wastong paggalang dahil hindi niya sinunod ang sinabi sa kanya ng Dios ay nagpapakita na ang pagwawalang-bahala o pagbabago sa mga utos ng Diyos ay kapareho ng hindi paniniwala sa Kanya.

**Upang masunod ang Diyos, dapat nating gawin ang eksaktong utos o sinasabi Niya. Sa relihiyon, kung gagawin natin ang lahat ng Kanyang sinabi at hindi ang anumang bagay na gusto natin para sa ating sarili, tayo ay kalulugdan ng Dios dahil hindi natin sinuway ang kanyang kagustuhan**

15. A 16. B 17. A 18. A 19. B


## 2 Mga Cronica 26:1, 4, 16-21

1 At kinuha ng buong bayan ng Juda si Uzias, na labing-anim na taong gulang at ginawa siyang hari na kapalit ng kanyang amang si Amasias.

4 At kanyang ginawa ang matuwid sa mga mata ng Panginoon, ayon sa lahat ng ginawa ng kanyang amang si Amasias.

16 Ngunit nang siya'y lumakas, siya'y naging palalo na siya niyang ikinapahamak. Sapagkat kanyang nilapastangan ang Panginoon niyang Diyos, at pumasok sa templo ng Panginoon upang magsunog ng insenso sa ibabaw ng dambana ng insenso. 17 Ngunit si Azarias na pari ay pumasok kasunod niya, na may kasamang walumpung pari ng Panginoon na matatapang na lalaki. 18 Kanilang hinadlangan si Haring Uzias, at sinabi sa kanya, "Hindi para sa iyo, Uzias, ang magsunog ng insenso sa Panginoon, kundi para sa mga pari na mga anak ni Aaron, na mga itinalaga upang magsunog ng insenso. Lumabas ka sa santuwaryo sapagkat mali ang iyong ginawa, at hindi ito magbibigay sa iyo ng karangalan mula sa Panginoong Diyos." 19 Nang magkagayo'y nagalit si Uzias. Noon ay mayroon siyang suuban sa kanyang kamay upang magsunog ng insenso. Nang siya'y magalit sa mga pari, may lumabas na ketong sa kanyang noo, sa harapan ng mga pari sa bahay ng Panginoon, sa tabi ng dambana ng insenso. 20 Si Azarias na punong pari at ang lahat ng mga pari ay tumingin sa kanya, siya'y may ketong sa kanyang noo! At siya'y mabilis nilang itinaboy papalabas at siya nama'y nagmamadaling lumabas, sapagkat sinaktan siya ng Panginoon. 21 Si Haring Uzias ay ketongin hanggang sa araw ng kanyang kamatayan, . . .

**Bagama't si Uzias ay isang Hari at isang mabuting tao, pero kaunan naging palalo at mismong siya na ang ag-alay ng insenso bilang pagsamba sa Diyos, bagamat hindi siya ang taong nararapat na mag alay ng insenso. Ang tunay na pagsunod sa Diyos ay nangangahulugan na sinusunod natin ang Kanyang mga utos kung sino ang namumuno sa pagsamba.**



20. Mabuting tao ba si Uzias?
  - A. Oo
  - B. Hindi
21. Saan siya nagpunta?
  - A. Sa palasyo
  - B. Sa templo
22. Bakit siya pumunta doon?
  - A. Ang magdasal
  - B. Upang mag-alay ng insenso
23. Siya ba ang tamang tao para magsunog ng insenso?
  - A. Oo
  - B. Hindi
24. Ano ang ginawa ng Diyos sa kanya?
  - A. Hinampas siya ng ketong
  - B. Pagpalain mo siya

20. A 21. B 22. B 23. B 24. A



### Mateo 7:21-23

21 “Hindi lahat ng nagsasabi sa akin ‘Panginoon, Panginoon,’ ay papasok sa kaharian ng langit, kundi ang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit. 22 Sa araw na iyon ay marami ang magsasabi sa akin, ‘Panginoon, Panginoon, hindi ba nagpropesiya kami sa iyong pangalan, at nagpalayas ng mga demonyo sa iyong pangalan, at sa iyong pangalan ay gumawa kami ng maraming gawang makapangyarihan?’ 23 At kung magkagayon ay ipahahayag ko sa kanila, ‘Hindi ko kayo kilala kailanman; lumayo kayo sa akin, kayong mga gumagawa ng kasamaan!’

28. Mapupunta ba sa langit ang lahat ng tumatawag kay Jesus na Panginoon?

- A. Oo
- B. Hindi

29. Sa talata 22, naniniwala ba ang mga taong ito na nakagawa sila ng maraming mabubuting bagay para kay Jesus?

- A. Oo
- B. Hindi

30. Ano ang sinabi ni Jesus sa mga taong ito?

- A. Pumasok sa Langit
- B. Lumayo ka sa akin

31. Sino ang papasok sa kaharian ng langit?

- A. Ang mga gumagawa ng isang bagay para sa Diyos
- B. Ang mga gumagawa ng lahat ng kalooban ng Diyos

32. Ilang tao ang sasabihan ni Jesus na lumayo sa kanya dahil sa pag-aakalang nakagawa sila ng mabubuting bagay para sa Kanya?

- A. Marami
- B. Ilang



**Maraming tao ang magugulat sa Araw ng Paghuhukom na sila ay mapupunta sa Impiyerno dahil sa pag-aakala nila na ginawa nila ang lahay na inuutos at kagustuahn ng Dios.**

**Dito, nilinaw ni Jesus na dapat gawin ng isang tao ang lahat na sinasabi ng Diyos para makapunta sa langit. Kaya naman napakahalaga ang pagbabasa at pag-aaral ng salita ng Diyos. Maaari tayong makinig sa mga taong nagtuturo tungkol sa mga utos ng Diyos, ngunit kailangan pa rin nating matutunan at sumunod kung ano ang sinasabi ng Bibliya para sa ating sarili upang makatiyak tayo na sinusunod natin ang Diyos at hindi ang mga turo ng tao.**

28. B 29. A 30. B 31. B 32. A

### 1 Mga Crnica 17:1-4, 6

1 Nang si David ay nanirahan sa kanyang bahay, sinabi ni David kay propeta Natan, “Tingnan mo, ako’y nakatira sa isang bahay na sedro, ngunit ang kaban ng tipan ng Panginoon ay nasa loob ng isang tolda.” 2 At sinabi ni Natan kay David, “Gawin mo ang lahat ng nasa iyong puso, sapagkat ang Diyos ay kasama mo.” 3 Ngunit nang gabi ring iyon ang salita ng Diyos ay dumating kay Natan, 4 “Humayo ka at sabihin mo kay David na aking lingkod, ‘Ganito ang sabi ng Panginoon: Hindi mo ako ipagtatayo ng bahay na matitirahan.

6 Sa lahat ng mga dako na aking nilakaran na kasama ang buong Israel, ako ba’y nagsalita sa sinuman sa mga hukom ng Israel, na siyang aking inutusang maging pastol sa aking bayan, “Bakit hindi ninyo ako ipinagtayo ng bahay na sedro?””

33. Ano ang gustong itayo ni David?  
A. Isang mas malaking bahay para sa kanyang sarili  
B. Isang bahay para sa Diyos
34. Ano ang sinabi ni Nathan na propeta kay David?  
A. Pumunta at magtayo ng bahay  
B. Maghintay hanggang tanungin natin ang Diyos tungkol sa pagtatayo ng bahay
35. Ano ang sinabi ng Diyos tungkol sa pagtatayo ng bahay?  
A. Pumunta at itayo ito  
B. Huwag itong itayo
36. Bakit sinabi ng Diyos na huwag itong itayo.  
A. Dahil wala pa Siyang sinabi tungkol dito  
B. Dahil hindi si David ang plano ng Dios ng magtatayo.

33. B 34. A 35. B 36. A

**Ganito ang sinasabi ng Batas ni Kristo:**

### 1 Mga Taga-Corinto 4:6

... upang sa pamamagitan namin ay matuto kayo na huwag lumampas sa mga bagay na nakasulat . . .

Kung ang iyong anak ay kinuha ang pera mo ng hindi mo alam at pumunta siya sa tindahan, bumili ng bigas upang may maisaing at makain kayo. Maaaring maganda ang kanyang hangarin, ngunit hindi ito nangangahulugan na sununod sila sa yong kagustuhan na huwag kumuha ng pera na hindi sa kanila maliban kung sinabi mo sa kanila na gawin ito. Bilang mga tao, maaari nating tanggapin ang mga bagay na hindi pagsunod, ngunit ang aral sa Bibliya, ito ay hindi naayon sa kalooban ng Dios.

**Upang masunod natin ang Diyos ng tama, dapat nating basahin ng Bibliya at alamin ang kanyang mga kagustuhan. Huwag tayong magtiwala sa ating sarili na laging tama ang iniisip at ginagawa natin para sa kanya. Malinaw sa banal na kasulatan na hindi ang nais natin ang masusunod kung hindi ang nais ng Diyos. Sumunod lamang tayo ng tama**

